Australian Government
Department of Health, Disability and Ageing



# Bagong Batas sa Aged Care na nakabatay sa mga Karapatan

Uunahin ng bagong Batas sa Aged Care ang mga karapatan ng mga nakatatanda. Kabilang dito ang Statement of Rights [Pahayag ng mga Karapatan] para sa mga nakatatandang tumatanggap ng mga serbisyong aged care. Ang papel pangkaalaman na ito ay isang buod ng mga karapatang iyon na isinulat sa simpleng wika.

## Tungkol sa Pahayag ng mga Karapatan

Binabago ng Pamahalaan ng Australya ang mga batas ng Australya hinggil sa aged care. Ang *Aged Care Act 2024 [Batas ng Pangangalaga sa Nakatatanda 2024]* (ang bagong Batas) ay mayroong Pahayag ng mga Karapatan. Ipinaliliwanag nito kung ano ang mga karapatan ng mga nakatatanda kapag tumatanggap sila ng mga serbisyong aged care na pinondohan ng Pamahalaan ng Australya. Ang Pahayag ng mga Karapatan ay hahalili sa kasalukuyang Charter of Aged Care Rights [Karta ng mga Karapatan ng Pangangalaga sa Nakatatanda] sa ika-1 ng Nobyembre, 2025.

Ang buong Pahayag ng mga Karapatan mula sa bagong Batas ay nasa dulo ng papel pangkaalamang ito.

## Ang kahulugan ng Pahayag ng mga Karapatan para sa iyo

Ang Pahayag ng mga Karapatan ay tutulong upang matiyak na ikaw ang magiging sentro ng iyong pangangalaga sa aged care.

Binibigyan ka nito ng karapatan na:

- gumawa ng sarili mong mga desisyon tungkol sa iyong buhay
- hindi lamang tanggapin ang iyong mga desisyon, kundi igalang din ang mga ito
- kumuha ng impormasyon at suporta upang matulungan kang gumawa ng mga desisyon
- ipahayag ang iyong mga nais, pangangailangan, at mga kagustuhan
- makaramdam na ligtas at iginagalang
- igalang ang iyong kultura at pagkakakilanlan
- manatiling konektado sa iyong komunidad.

## Kalayaan, pagpili, at kontrol

May karapatan kang gumawa ng sarili mong mga desisyon at magkaroon ng kontrol sa:

- pinondohang mga serbisyong aged care na gagamitin mo
- paano mo ina-access ang pinondohang mga serbisyong aged care at sino ang mga magbibigay nito
- ang iyong pera at mga pag-aari.

May karapatan kang humingi ng suporta upang magawa ang mga desisyong ito kung kinakailangan.

May karapatan ka ring pumili kung paano ka mamumuhay, kahit na may kaunting personal na panganib. Halimbawa, mga desisyon tungkol sa iyong buhay panlipunan at mga malalapit na relasyon.

## Patas na pag-access

May karapatan kang magkaroon ng patas at tumpak na pagsusuri upang malaman kung anong pinondohang mga serbisyong aged care ang iyong kailangan.

Ang pagsusuring ito ay dapat isagawa sa paraang akma sa iyo. Dapat igalang nito ang iyong:

- kultura at pinagmulan
- personal na karanasan at anumang trauma
- mga kapansanan sa isip, tulad ng demensya.

May karapatan ka ring makuha ang uri ng pangangalaga na kailangan mo, sa panahong kailangan mo nito. Kasama rito ang palliative care at pangangalaga sa pagtatapos -ng -buhay.

## Kaligtasan at kalidad

May karapatan kang makatanggap ng ligtas, may kalidad, at patas na pinondohang serbisyong aged care at tratuhin ka nang may dignidad at paggalang.

Kasama rito ang karapatang maka-access ng pinondohang mga serbisyong aged care na:

- pinahahalagahan at sinusuportahan ang iyong pagkakakilanlan, kultura, at pinagmulan
- iginagalang ang iyong karanasan, kabilang ang anumang trauma
- madaling ma-access at tumutugon sa iyong mga pangangailangan

- malaya sa karahasan, pang-aabuso, at pagpapabaya.

May karapatan kang maka-access sa pinondohang mga serbisyo sa aged care mula sa:

- mga manggagawa na may tamang pagsasanay, kasanayan, at karanasan
- mga provider na tumutugon sa lahat ng kondisyon sa ilalim ng mga batas sa aged care.

Kung nakakaramdam ka na hindi ligtas kapag nag-a-access ng aged care, maaari kang makakuha ng libreng suporta mula sa mga abogado, manggagawang panlipunan (social worker), at iba pang mga espesyalista. Bisitahin ang website ng Attorney-General para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proteksyon laban sa pang-aabuso sa nakatatanda.

## Paggalang sa iyong pagkapribado at impormasyon

Ang iyong provider ay dapat:

- igalang ang iyong personal na pagkapribado
- protektahan ang iyong personal na impormasyon, tulad ng impormasyon tungkol sa iyong kalusugan at pananalapi
- bigyan ka ng pagkakataong magpasya kung kailan ibabahagi ang iyong personal na impormasyon sa iba, gaya ng isang tagapagtaguyod o abogado.

May karapatan kang makuha ang mga rekord at impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at sa pinondohang mga serbisyo para sa aged care na iyong ginagamit. Kabilang dito ang halaga ng mga ito.

## Komunikasyon na tumutugon sa iyong mga pangangailangan

May karapatan kang:

- makakuha ng impormasyon sa paraang nauunawaan mo
- magbigay ng feedback.

May karapatan kang makipag-usap sa wika o paraang iyong pinili. Kabilang dito ang paggamit ng mga interpreter [tagasalinwikang pasalita] o mga kasangkapan sa komunikasyon kung kinakailangan mo ng mga ito.

May karapatan ka ring makipagkita sa iyong provider at mga tagasuporta sa paraang naaayon sa iyo. Maaaring ibig sabihin nito ay makipagkita sa oras ng araw na pinakamainam para sa iyo.

## Suporta upang mabilis at patas na maiparating ang mga isyu

Kung may mga isyu sa iyong pinondohang mga serbisyo sa aged care, may karapatan kang:

- makakuha ng suporta mula sa iyong provider
- magreklamo nang walang pangamba o takot na maparusahan
- makakuha ng mabilis at patas na tugon sa iyong mga reklamo.

### Suporta at koneksyon sa mga tao at komunidad

Maaaring kailanganin mo ng suporta upang maunawaan ang iyong mga karapatan, gumawa ng mga desisyon, o maghain ng reklamo. May karapatan kang makakuha ng suportang ito mula sa isang independiyenteng tagapagtaguyod o sa iba pang taong ikaw ang pumili.

May karapatan kang makipag-ugnayan sa iyong tagapagtaguyod o sa taong sumusuporta sa iyo anumang oras na nais mo.

Dapat igalang ng mga provider ang papel ng mga taong mahalaga sa iyo. Halimbawa, pamilya, mga kaibigan, at mga tagapag-alaga.

May karapatan kang manatiling konektado sa:

- mga taong mahalaga sa iyo
- sa iyong komunidad, kabilang na ang paglahok sa mga gawaing panlibangan o pangkultura
- sa iyong mga alagang hayop.

Ang mga taong Aborihinal at mula sa Torres Strait Island ay may karapatang manatiling konektado sa kanilang komunidad, Country at Island Home.

## Paano masisiguro na iginagalang ang iyong mga karapatan

Dapat maintindihan at sundin ng iyong provider ang Pahayag ng mga Karapatan. Kung hindi nila ito gagawin, maaari kang magsampa ng reklamo sa Komisyoner ng mga Reklamo.

Maaari kang magsampa ng reklamo online, sa pamamagitan ng telepono, o sa pamamagitan ng sulat. Bisitahin ang website ng Aged Care Quality and Safety Commission para sa karagdagang impormasyon.

Kung kailangan mo ng suporta para magsampa ng reklamo o maghanap ng impormasyon, tawagan ang Older Persons Advocacy Network (OPAN) [Network ng Adbokasya ng Nakatatanda] sa 1800 700 600.

Nagbibigay ang OPAN ng libre, independiyente, at kumpidensyal na tulong mula sa mga tagapagtaguyod upang matulungan ka.

## Kumpletong Pahayag ng mga Karapatan mula sa bagong Batas

Narito ang buong Pahayag ng mga Karapatan mula sa Seksyon 23 ng bagong Batas.

*Kalayaan, sariling pagpapasya, pagbibigay-lakas, at kalayaang pumili*

(1) Ang isang indibidwal ay may karapatang:
  (a) magpasya at gumawa ng mga desisyong nakakaapekto sa kanyang buhay, kabilang ang mga sumusunod:
    (i) ang pinondohang mga serbisyong aged care na inaprubahang ma-access ng indibidwal;

(ii) kung paano, kailan, at sino ang magbibigay ng mga serbisyong iyon sa indibidwal;

(iii) ang mga pinansyal na bagay at mga personal na pag-aari ng indibidwal; at

(b) masuportahan (kung kinakailangan) sa paggawa ng mga desisyong iyon, at igalang ang mga desisyong iyon; at

(c) magsapalaran kahit may panganib sa sarili, kabilang ang pagtugis sa kalidad ng buhay, pakikilahok sa lipunan, at mga malapit at sekswal na relasyon ng indibidwal.

*Pantay na pag-access*

(2) Ang isang indibidwal ay may karapatang magkaroon ng pantay na pag-access sa:

(a) mapag-aralan o muling mapag-aralan ang pangangailangan ng indibidwal para sa pinondohan na mga serbisyong aged care sa paraan na:

(i) ligtas at angkop sa kultura, may kamalayan sa trauma, at may kaalaman sa pagpapagaling; at

(ii) madaling makuha at angkop para sa mga indibidwal na may demensya o iba pang kapansanan sa pag-iisip; at

(b) palliative care at pangangalaga sa katapusan-ng-buhay kung kinakailangan.

*May kalidad at ligtas na mga serbisyong aged care na pinondohan*

(3) Ang isang indibidwal ay may karapatang:

(a) tratuhin nang may dignidad at paggalang; at

(b) makatanggap ng ligtas, patas, pantay, at walang-diskriminasyong pagtrato; at

(c) mapahalagahan at masuportahan ang pagkakakilanlan, kultura, espiritwalidad, at pagkakaiba-iba ng indibidwal; at

(d) ibinibigay ang mga pinondohan na mga serbisyong aged care sa indibidwal:

(i) sa paraang ligtas at angkop sa kultura, may kamalayan sa trauma, at may kaalaman sa pagpapagaling; at

(ii) sa paraan na madaling ma-access; at

(iii) sa pamamagitan ng mga manggagawa sa aged care mula sa mga rehistradong provider na may angkop na kwalipikasyon, kasanayan, at karanasan.

(4) Ang isang indibidwal ay may karapatang:

(a) maging malaya mula sa lahat ng anyo ng karahasan, nakalalait o hindi makataong pagtrato, pagsasamantala, kapabayaan, pamimilit, pang-aabuso, o sekswal na maling gawain; at

(b) makatanggap ng may kalidad at ligtas na mga pinondohang serbisyong aged care na naaayon sa mga pamantayan na ipinatutupad sa mga rehistradong provider sa ilalim ng Batas na ito.

Paalala: Ang Dibisyon 1 ng Bahagi 4 ng Kabanata 3 ay tumatalakay sa mga kundisyon para sa mga rehistradong provider, kabilang ang mga kahingian kaugnay sa paggamit ng mga mahigpit na pamamaraan at pamamahala ng mga insidente.

*Paggalang sa pagkapribado at impormasyon*

(5) Ang isang indibidwal ay may karapatang:
  (a) igalang ang pagkapribado ng sarili; at
  (b) maprotektahan ang mga personal na impormasyon.

(6) Ang isang indibidwal ay may karapatang humingi at makatanggap ng mga tala at impormasyon tungkol sa kanyang mga karapatan sa ilalim ng seksyong ito at tungkol sa pinondohan na mga serbisyong aged care na kanyang ginagamit, kabilang ang mga gastusin para sa mga serbisyong iyon.

*Komunikasyong nakatuon sa tao at kakayahang maglahad ng mga isyu nang walang takot na gantihan*

(7) Ang isang indibidwal ay may karapatang:
  (a) malaman, sa paraang nauunawaan niya, ang tungkol sa pinondohan na mga serbisyong aged care na kanyang ginagamit; at
  (b) maipahayag at mapakinggan ang kanyang mga opinyon tungkol sa pinondohang mga serbisyong aged care na kanyang ginagamit.

(8) Ang isang indibidwal ay may karapatang makipag-usap sa kanyang piniling wika o paraan ng komunikasyon, na may access sa mga tagasalinwikang pasalita at mga tulong sa komunikasyon kung kinakailangan.

(9) Ang isang indibidwal ay may karapatang:
  (a) magkaroon ng malinaw na komunikasyon at suporta mula sa mga rehistradong provider kapag may mga isyu sa pagbibigay ng pinondohan na mga serbisyong aged care; at
  (b) magsampa ng reklamo gamit ang madaling ma-access na paraan, nang walang takot na gantihan, tungkol sa pagbibigay ng pinondohan na mga serbisyong aged care sa indibidwal; at
  (c) maproseso ang kanyang mga reklamo nang patas at mabilis.

*Mga tagapagtaguyod, mahahalagang tao, at mga ugnayang panlipunan*

(10) Ang isang indibidwal ay may karapatang suportahan ng isang tagapagtaguyod o ibang tao na kanyang pinili, kabilang dito kapag ginagamit o sinusubukang unawain ang kanyang mga karapatan sa seksyong ito, pagpapahayag ng kanyang mga opinyon, paggawa ng mga desisyong nakakaapekto sa kanyang buhay, at pagsusumite ng mga reklamo o puna.

(11) Ang isang indibidwal ay may karapatang kilalanin at igalang ang papel ng mga taong mahalaga sa kanya, kabilang ang mga tagapag-alaga, mga bisita, at mga boluntaryo.

(12) Ang isang indibidwal ay may karapatang magkaroon ng mga pagkakataon, at tulong, upang manatiling konektado (kung nais niya) sa:
  (a) mga mahahalagang tao sa buhay ng indibidwal at mga alagang hayop, kabilang ang ligtas na pagdalaw ng mga miyembro ng pamilya, kaibigan, mga volunteer,

o iba pang mga bisita sa lugar na tinitirhan ng indibidwal at pagbisita sa mga miyembro ng pamilya o kaibigan; at

(b) ang komunidad ng indibidwal, kabilang ang pakikilahok sa buhay-pampubliko at mga gawaing panlibangan, pangkultura, espiritwal, at pamumuhay; at

(c) kung ang indibidwal ay isang Aboriginal o nagmula sa Torres Strait Islander—komunidad, Country at Island Home.

(13) Ang isang indibidwal ay may karapatang makipag-ugnayan, anumang oras na nais niya, sa isang taong itinalaga niya o isang taong itinalaga ng angkop na awtoridad.